

Sumaryo sa Withholding Tax System Patiuna May Kinalaman sa Suweldo sa Japan (Edisyon Para sa 2022)

Disyembre, 2021
National Tax Agency

Ang leaflet na ito ay inihanda para maipaliwanag sa mga dayuhan ang sumaryo sa Withholding Tax System may kinalaman sa Income Tax, atbp. na may kaugnayan sa suweldo na binabayaran ng mga employer (taong nagbabayad ng suweldo).

1. Klasipikasyon ng "residente" at "hindi residente"

Kung ang dayuhan ay binabayaran din ng suweldo ng kaniyang employer, ang halaga ng Income Tax, atbp. ay ibabawas (gagawin ang withholding) mula sa kaniyang suweldo bilang saligan.

Ang halaga ng Income Tax, atbp. na gagawin ang withholding ay maiiba depende kung ikaw ay nasa kategorya ng "residente" o "hindi residente."

- Ang "residente" ay tumutukoy sa indibidwal na taong may address sa loob ng Japan o taong tuloy-tuloy na may tinitirahan sa Japan nang isang taon o higit pa hanggang ngayon.
- Ang "hindi residente" ay tumutukoy sa indibidwal na taong walang address sa Japan at tuloy-tuloy na wala siyang tinitirahan sa Japan nang isang taon o higit pa hanggang ngayon.

[Pangunahing pagkakaiba ng pagbubuwis sa residente at hindi residente]

- Ang halaga ng Income Tax, atbp. may kinalaman sa suweldo na ibabayad sa "residente" ay ikakalkula ayon sa halaga ng premium ng social insurance, atbp. gaya ng welfare insurance, at bilang ng kabiyak at mga kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga (*).
 - * Ang bilang ng kabiyak at mga kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga ay kaayon ng isinulat sa "Application Form Para sa (Pagbabago ng) Pagbabawas Para sa Pangangalaga, atbp. ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo" (tingnan ang "2. Withholding" sa ibaba) na isusumite mo sa employer.
Bukod pa rito, gagawin ang proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon sa panahon kung kailan ka babayaran ng huling suweldo sa bawat taon (tingnan ang "3. Proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon" sa ibaba).
- Ang halaga ng Income Tax, atbp. may kinalaman sa suweldo na ibabayad sa "hindi residente" ay ikakalkula sa pag-multiply ng halaga ng suweldo sa pare-parehong rate na 20.42% (bilang saligan, hindi kailangang gumawa ng proseso para sa tax return sa opisina ng buwis dahil makukumpleto ang pagbubuwis sa pamamagitan ng paggawa ng withholding ng halaga ng buwis na ito.).

2. Withholding

Kung binabayaran ka ng suweldo ng employer, ang halaga ng Income Tax, atbp. ay ibabawas (gagawin ang withholding) mula sa iyong suweldo.

Bukod pa rito, ang residente ay kailangang magsumite ng "Application Form Para sa (Pagbabago ng) Pagbabawas Para sa Pangangalaga, atbp. ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo" sa kaniyang employer hanggang sa isang araw bago bayaran siya ng unang suweldo sa bawat taon (kapag may pagbabago sa isinulat sa application form na naisumite na, isulat iyon sa application form na ito at saka isumite sa employer.).

- * Hindi maisusumite ng hindi residente ang "Application Form Para sa (Pagbabago ng) Pagbabawas Para sa Pangangalaga, atbp. ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo"

3. Pagbabago sa katapusan ng taon

Kapag babayaran ang residente ng huling suweldo sa isang taon, ikakalkula at aayusin ang halaga ng sobra o kulang sa pagitan ng taunang kabuuang halaga ng Income Tax, atbp. na gagawin ang withholding ng employer at halaga ng Income Tax, atbp. na dapat bayaran para sa taunang kabuuang halaga ng suweldo (halaga ng buwis para sa taon). Ito ay tinatawag na proseso ng "pagbabago sa katapusan ng taon".

Bukod pa rito, para matanggap ang saligang pagbabawas, pagbabawas para sa kabiyak, atbp. sa panahon ng proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon, kailangan niyang isumite sa employer ang "Application Form sa Saligang Pagbabawas Para sa Taong Kumikita sa Pag-eempleyo" at "Application Form Para sa Pagbabawas Para sa Kabiyak ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo", atbp.

Bilang karagdagan, hindi kailangang gumawa ng proseso para sa tax return sa opisina ng buwis ang karamihan ng mga taong tumanggap ng suweldo dahil ikakalkula at aayusin ang halaga ng sobra o kulang ng Income Tax, atbp. sa pamamagitan ng prosesong ito ng pagbabago sa katapusan ng taon.

* Hindi gagawin ang proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon para sa hindi residente.

[Mga pangunahing application form na isusumite sa employer sa panahon ng proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon]

- "Application Form Para sa (Pagbabago ng) Pagbabawas Para sa Pangangalaga, atbp. ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo"

Bagaman ang application form na ito ay kailangang isumite sa employer hanggang sa isang araw bago bayaran ng unang suweldo bawat taon, kapag hindi pa naisumite, maisasagawa ang proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon kung isusumite ang application form na ito hanggang sa panahon ng proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon.

Bukod pa rito, kapag may pagbabago sa isinulat sa application form na naisumite na, isulat iyon sa application form na ito at saka isumite sa employer.

- "Application Form Para sa Saligang Pagbabawas Para sa Taong Kumikita sa Pag-eempleyo/Application Form Para sa Pagbabawas Para sa Kabiyak ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo/Application Form Para sa Pagbabago at Pagbabawas Para sa Halaga ng Kita na Binawasan ng Kinakailangang Gastos"

Kung gusto mong tanggapin ang saligang pagbabawas, pagbabawas para sa kabiyak, espesyal na pagbabawas para sa kabiyak, o pagbabago at pagbabawas para sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos, isumite sa employer ang application form na ito hanggang sa panahon ng proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon.

* Tungkol sa detalye ng mga pagbabawas na ito, tingnan ang paliwanag na nakasulat sa application form na ito.

- "Application Form Para sa Pagbabawas Para sa Premium ng Insurance ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo Pinuno ng opisina ng buwis"

Kung gusto mong tanggapin ang pagbabawas para sa halaga ng premium ng life insurance at insurance para sa lindol, atbp., isumite sa employer ang application form na ito hanggang sa panahon ng proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon.

* Tungkol sa detalye ng pagbabawas para sa halaga ng premium ng life insurance at insurance para sa lindol, atbp., tingnan ang paliwanag na nakasulat sa application form na ito.

4. Espesyal na probisyon batay sa kasunduan sa pagbubuwis

Kung may kasunduan sa pagbubuwis sa pagitan ng bansang pinanggalingan mo at ang Japan, maaari kang bigyan ng eksemsiyon ng Income Tax, atbp.

Kung gusto mong tumanggap ng eksemsiyon ng Income Tax, atbp., kailangan mong isumite sa opisina ng buwis sa pamamagitan ng employer ang "Application Form sa Kasunduan sa Pagbubuwis".

Bukod pa rito, kapag ginawa na ang withholding ng Income Tax, atbp. dahil hindi mo naisumite ang "Application Form sa Kasunduan sa Pagbubuwis", maaaring ibalik sa iyo ang Income Tax, atbp. na ginawa na ang withholding, sa pagsusumite sa opisina ng buwis sa pamamagitan ng employer ang "Application Form sa Kasunduan sa Pagbubuwis" at "Application Form Para Ibalik ang Halaga ng Buwis na Ginawa ang Withholding May Kinalaman sa Kasunduan sa Pagbubuwis (Form 11)".

[Technical intern training]

Halimbawa, kapag ang isa ay pumasok sa Japan sa visa status ng "technical intern training", maaari siyang bigyan ng eksemsiyon ng buwis sa Japan para sa itinakdang suweldo na babayaran ng employer para sa pagsasanay na iyon (sa China, Thailand, atbp.).

Pero, sa maraming kasunduan sa pagbubuwis na ginawa ng Japan, ang eksemsiyon ng buwis ay para lang sa itinakdang sustento na ibibigay mula sa labas ng Japan, at hindi para sa suweldo na babayaran sa loob ng Japan.

-
- * Kung gusto mong (ikaw ay dapat na "residente") tumanggap ng pagbabawas gaya ng pagbabawas para sa pangangalaga para sa kamag-anak na hindi residente, kailangan mong isumite sa employer ang itinakdang mga dokumento. Tungkol sa detalye, tingnan ang leaflet na "Para sa Gustong Tumanggap ng Pagbabawas Gaya ng Pagbabawas Para sa Pangangalaga Para sa Kamag-anak na Hindi Residente", na inihanda ng National Tax Agency.
 - * Ang leaflet na ito ay inihanda batay sa itinatala sa mga batas may kinalaman sa Income Tax Act, atbp. noong Disyembre 1, 2021.